



## KIT NG FOOTBOARD PAN NG PASAHERO NG TOURING

### PANGKALAHATANG IMPORMASYON

#### Talahanayan 1. Pangkalahatang Impormasyon

Mga Kit	Mga Iminumungkahing Kagamitan	Antas ng Kasanayan <sup>(1)</sup>	Oras
50752-04, 50501799	Salaming Pangkaligtasan, Torque Wrench, Flat Blade na Screwdriver, maliit, Brass Drift, Gomang Mallet, Needle Nose na mga Plais		1 oras

(1) Kinakailangan ang paghihigpit sa halaga ng torque o iba pang mga katamtamang kagamitan at pamamaraan

### MGA NILALAMAN NG KIT




Figure 1. Mga Nilalaman ng Kit: Mga Bahagi ng Kit ng Footboard Pan ng Pasahero

#### Talahanayan 2. Mga Nilalaman ng Kit: Mga Bahagi ng Kit ng Footboard Pan ng Pasahero

<input checked="" type="checkbox"/>	Item	Qty	Paglalarawan	Part No. (Piyesa Blg.)	Mga tala
<input type="checkbox"/>	1	1	Footboard pan ng pasahero, chrome (Kit 50752-04)	52721-04	
<input type="checkbox"/>			Footboard pan ng pasahero, itim (Kit 50501799)	50501809	
<b>Mga bagay na binanggit sa text, ngunit hindi kasama sa kit:</b>					
<input checked="" type="checkbox"/>	A	1	Turnilyo, socket		
<input checked="" type="checkbox"/>	B	1	Pansuportang bracket, footboard		
<input checked="" type="checkbox"/>	C	2	Pivot na mga pin		
<input checked="" type="checkbox"/>	D	1	Pad, footboard		
<input checked="" type="checkbox"/>	E	1	Detent ball		
<input checked="" type="checkbox"/>	F	1	Spring		



## TALA

Tiyakin na lahat ng nilalaman ay nasa kit bago magkabit o magtanggali ng mga item mula sa sasakyan.

## PANGKALAHATAN

### Mga Modelo

Ang kit na ito ay dinisenyo para ikabit sa Mga 1986 - Mas Bagong Touring at 2000 - Mas Bagong Softail na modelo na may nakakabit na mga footboard ng pasahero.

Para sa impormasyon ukol sa fitment ng modelo, tingnan ang seksyon ng Retail na Katalogo ng P&A o ang seksyon ng Mga Piyesa at Accessory ng [www.harley-davidson.com](http://www.harley-davidson.com) (Ingles lamang)

Tiyakin na ginagamit ang pinakabagong bersyon ng pahina ng tagubilin. Makukuha ito sa: [www.harley-davidson.com/isheets](http://www.harley-davidson.com/isheets)

Makipag-ugnayan sa Harley-Davidson Customer Support Center sa 1-800-258-2464 (para sa U.S. lang) o sa 1-414-343-4056.

### Mga Kinakailangan sa Pagkakabit

#### ▲ BABALA

Ang kaligtasan ng nagmamaneho at pasahero ay nakasalalay sa tamang pag-i-install ng kit na ito. Gamitin ang naaangkop na mga pamamaraan sa manwal ng serbisyo. Kung ang pamamaraan ay hindi abot ng iyong kakayahan o wala kang mga angkop na kasangkapan, ipagawa sa isang dealer ng Harley-Davidson ang pag-i-install. Ang maling pag-i-install ng kit na ito ay maaaring magresulta sa kamatayan o malubhang pinsala. (00333b)

## TALA

Tumutukoy sa impormasyon sa manwal ng serbisyo ang pahina ng tagubilin na ito. Ang manwal ng serbisyo para sa taon/modelo ng motorsiklo ay kinakailangan para sa pagkakabit na ito at makukuha sa:

- Isang Harley-Davidson dealer.
- H-D Service Information Portal (Portal ng Impormasyon sa Serbisyo), isang akses na nakabatay sa subscription na magagamit ng karamihang 2001 at mas bagong modelo. Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang Mga madalas itanong tungkol sa mga subscription .

## ALISIN

1. Tanggali ang socket na turnilyo (A) mula sa suporta ng footboard (B).
2. Ilagay ang suporta ng footboard (B) sa isang malinis na patag na lugar.
3. Tanggali ang pad (D) mula sa footboard pan (1).
  - a. Mula sa ilalim ng footboard pan (1), gumamit ng maliit na flat blade na screwdriver para itulak ang mga bead sa pad (D) pataas at papasok sa mga butas ng footboard pan (1).

4. Gamit ang isang brass drift at gomang mallet, pukpukin ang dalawang pivot pin (C) patungo sa gitna ng footboard pan (1). Tanggali.
5. Tanggali ang footboard pan (1) mula sa pansuportang bracket (B) at maingat na tanggali ang itabi ang detent ball (E) at spring (F) mula sa suporta ng footboard (B).

## IKABIT

1. Ikabit ang spring (F) at detent ball (E) sa suporta ng footboard (B).
2. Ikabit ang **bagong** footboard pan (1).
  - a. Iposisyon ang footboard pan (1) at ipasok ang mga pivot pin (C) gamit ang brass drift at gomang mallet.
3. Ikabit ang pad (D).
  - a. Basain ang mga gomang bead sa pad (C) gamit ang tubig na may sabon.
  - b. Ilagay ang pad (C) sa posisyon sa footboard pan (1).
  - c. Mula sa ibaba ng footboard pan (1), gumamit ng nose na plais para hilahin ang mga gomang bead pababa sa mga butas ng footboard pan (1).
4. Ipasok ang mga nub na nasa inboard na mga kanto ng footboard pad (D) sa mga butas ng footboard pan (1).
5. Ikabit ang socket na turnilyo (A) sa suporta ng footboard (B). Higpitan.  
Torque: 13,6 N·m (120 in-lbs)
6. Ulitin ang mga hakbang sa kabilang panig.